KARAGDAGANG MGA DOSIS PARA SA MGA TAONG MAY HUMINANG MGA SISTEMA NG IMYUNIDAD (immunocompromised)

Ang mga taong may huminang mga sistema ng imyunidad ay mas marahil na magka-COVID-19 kaysa sa mga taong may normal na mga sistema ng imyunidad. At kung sila ay mahahawahan, mas malamang na sila ay malubhang magkasakit at maikalat ang virus sa ibang mga tao sa kanilang tahanan.

Ipinakita ng mga pag-aaral na ang ilang mga tao na may huminang sistema ng imyunidad (immunocompromised) ay hindi gumagawa ng sapat na proteksyon pagkatapos tumanggap ng 2 dosis ng bakunang Pfizer o Moderna.

Dahil rito, inirerekomenda ng CDC na ang mga taong may banayad hanggang malubhang huminang sistema ng imyunidad ay tumanggap ng karagdagang dosis. Kinabibilangan ito ng mga taong:

- Tumatanggap ng paggamot sa aktibong kanser para sa mga bukol (tumors) o kanser ng dugo
- Tumanggap ng paglipat ng pangloob na bahagi ng katawan (organ transplant) at umiinom ng gamot upang pigilan ang sistema ng imyunidad
- Tumanggap ng paglipat ng selula ng stem (stem cell transplant) sa loob ng huling 2 taon o umiinom ng gamot upang pigilan ang sistema ng imyunidad
- May banayad o malubha na pangunahing kakulangan ng imyunidad (tulad ng DiGeorgesyndrome, Wiskott-Aldrich syndrome)
- Grabe o hindi ginamot na impeksyon ng HIV
- Aktibong paggamot gamit ang matataas na dosis ng corticosteroids o iba pang mga droga na maaaring pigilan ang tugon ng imyunidad

Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pagkuha ng karagdagang dosis ng bakuna sa COVID-19. Kung kailangan mo ng ika-3 dosis, magtanong tungkol sa pinakamagandang panahon batay sa iyong plano ng kasalukuyang paggamot. Ito ay lalong mahalaga kung ikaw ay magsisimula pa lang o muling magsisimula ng paggamot sa pagpipigil ng imyunidad.

Dapat mo ring malaman na:

- Ang ika-3 dosis ng bakunang mRNA (Pfizer at Moderna) ay dapat na ibigay nang hindi bababa sa 28 araw pagkatapos ng ika-2 dosis.
- Ang parehong uri ng bakuna ay dapat na gamitin kung maaari. Halimbawa, kung nakuha mo ay Pfizer, subukang kumuha na rin ng Pfizer para sa iyong ika-3 dosis.
- Ang kasunod (follow-up) na dosis ay hindi kasalukuyang inirerekomenda para sa mga tumanggap ng bakunang Johnson & Johnson. Sinusuri pa ng FDA ang datos (data) sa pagkamabisa ng bakunang ito sa mga indibidwal na may huminang sistema ng imyunidad.